nasa satuyang kamot ang satong

KAPANGGANAHAN

# MAGKALDA sa tingating




SANTOS BINAMERA COMMAND-BHB ALBAY

sbc.npa.albay@gmail.com sbcnpaalbay.blogspot.com


"

Ang paligsahan sa lakas ay hindi lamang paligsahan
ng lakas sa baril o lakas sa kabuhayan.
Paligsahan itong higit
ng lakas sa tao at kapasyahang magwagi
Ang mga mamamayan hindi ang mga bagay ang mapagpasya.



## 1. Ano ang Visiting Forces Agreement (VFA)?

Ang VFA ay isang hindi pantay na kasunduan sa pagitan ng US at Pilipinas para itakda ang mga manera sa pakikitungo sa mga bumibisitang pwersang militar ng US sa bansa. Sinisiguro nito ang walang sagkang pagkilos ng pwersang militar ng US sa kalawakan at karagatan ng teritoryo ng Pilipinas. Gayundin, pinanatili nito sa kamay ng US ang pagpapasya sa pagdetine, paglilitis at pagpaparusa sa sinumang tauhan ng militar ng US na inaakusahan ng isang krimen sa Pilipinas.


Ang Pilipinas bilang malakolonya ng US ay hindi lamang tapunan ng kanyang surplas na produkto, pinagkukunan ng hilaw na materyales at murang lakas paggawa. Estratehiko din ang posisyon ng Pilipinas para sa pagdedepensa ng kanyang pang-ekonomiko at militar na interes sa Asya Pasipiko.

Tinitiyak ng US na matatali ang Pilipinas sa iba't ibang tagibang na tratado at kasunduan para manatili ang interbensyong militar ng US sa bansa at maipagpatuloy ang pandaigdigang kampanyang kontra-insurhensya nito.

## 2. Ano ang idudulot sa mamamayan ng VFA?

Lantarang pagsalaula sa soberanya ng bansa at mamamayan nito ang pananatili ng VFA. Kasama ng iba pang kasunduang militar na tinutungtungan nito, nailalagay nito ang bansa sa panganib ng digmang agresyon at interbensyon ng US. Gayundin, sa tuwirang paglahok ng Pilipinas sa kampanyang agresyon ng US laban sa iba pang bansa, nagiging bulnerable ang bansa sa ganting atake ng mga bansang ito laban sa US. Sa pagbibigay akses at pagpapanatili ng presensya ng tropang militar, makinarya sa digma at makinarya sa paniniktik sa mga hangganan at sa loob ng teritoryo ng bansa, nilalaspatangan nito ang soberanong karapatan ng mamamayang Pilipino laban sa dayuhang kontrol, sarbeylans at abusong militar.

Ipinapauna ng VFA ang karapatan ng bumibisitang dayuhang pwersang militar kaysa sa soberanong karapatan ng estado ng Pilipinas na ipailalim sa kapangyarihan nito ang sinumang dapat iharap sa paglilitis sa mga krimeng naganap sa teritoryo nito. Ang VFA ay nagsisilbi lamang para sa interes ng kagalingan at kaligtasan ng tropang militar ng US. Tampok na halimbawa ng pasakit na idinulot ng VFA sa mga Pilipino ang pagkakapaslang kay Jennifer Laude noong Oktubre 12, 2014, bukod sa kulang ang hustisyang nakuha ng pamilyang Laude, ang akusado na si Pvt. 1st Class Joseph Scott Pemberton ay sa US nagsilbi ng kanyang sentensya. Walang hurisdiksyon ang gubyerno ng Pilipinas sa kanya.




## 3. Bakit kailangang ipawalambisa ang VFA?

Ang kasunduang ito ay pinasok ng papet na gubyerno sa harap ng matinding pagbatikos ng mamamayang Pilipino. Hindi nito sinasalamin ang kahingian ng mamamayan para sa isang malaya at mapagpasya sa sariling patakaran sa pakikipag-ugnayang panlabas. Sa pagkampi ng papet na gubyerno sa agresibong kampanyang agresyon ng US at partisipasyon ng bansa, nagiging kasangkapan ang mga Pilipino sa teroristang pang-aatake ng US sa ibang mamamayan ng daigdig.

Balon ng korupsyon ang hatid ng Balikatan exercises at arms upgrade ng VFA. Sa totoo lang hindi ito pag-upgrade kundi nagsisilbing tambakan lamang ng mga segundaryong kagamitang militar at para buhayin ang military industrial complex kung saan ito ang pinaniniwalaan ng imperyalismong US na magsasalba sa kanilang papalalim at papalalang krisis.

Batbat ng paglabag sa karapatang pantao ang presensyang militar ng US.

## 4. Paano mapagtatagumpayan ng isang mahirap na bansa ang pang-aatake ng isang mas higit na makapangyarihang bansa?

Ang patuloy na pagpapadikta ng papet na gubyerno ng naghaharing uri sa mga patakaran ng imperyalistang US ang lahatang panig na nagpapahina sa bansa. Hangga't hawak ng naghaharing uri ang kapangyarihan sa bansa, muli't muli nitong pagtataksilan ang sambayanang Pilipino.

Higit na kailangan ang pagkakaisa ng lahat na patriyotiko at makamamamayang pwersa para buuhin ang solido at mapagpasyang lakas ng mamamayang Pilipino na handang humarap sa dayuhang panghihimasok. Sa pagtatayo ng estadong magpapalaya sa uring anakpawis mabubuo ang pinakasulong na lipunang Pilipino na may kalayaan sa ekonomya at pulitika. Ito ang muog ng estadong kakalingain at ipatatanggol ng henerasyon ng mamamayang Pilipino.